

Misa sa ngalan ng Holy Spirit, 2018

Sa araw na ito, may 3 kaganapan tayong ginugunita at pinagdiriwang:

1. Ang Kapistahan ng Mahal na Birhen ng Bundok Carmel (Our Lady of Mount Carmel)
2. Ang Araw ng Dasal (Day of Prayer and Reparation) na panawagan ng mga Obispo natin para ihingi ng tawad ang mga kalapastanganang nagawa at nasabi laban sa Diyos.
3. Ang Pasinaya ng AY 2018-2019

Ang mga babasahin natin ay hango sa Misa ng Pentekoste. Ang unang pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostoles at ang ebanghelyo ayon kay San Juan ay nagbibigay sa atin ng 2 kuwento tungkol sa Espiritu Santo.

Espiritu Santo. Ika-3 Persona sa IISANG DIYOS. Pero aaminin natin na sa 3 persona ng iisang Diyos, sa Kabanal-banalang Trinidad, tila бага pinakamailap, pinakamahirap isipin ang Espiritu Santo. Ang Diyos Ama at Diyos Anak ay may mga larawan; pero ang Diyos Espiritu Santo, hanggang kalapati lang ba ang kaya nating guhitin at gamitin? Kaya nga, ang 2 babasahin na ating tinuring ay nagbibigay ng karagdagang pagsasalarawan sa Espiritu Santo – hangin, apoy, hinga.

Kung anuman, ang Espiritu Santo ay **FORCE**, fuerza/pwersa, kalakasan, kalakasang malakas ang dating. Sa agham, lalong lalo na sa Physics, mahalaga ang ginagampanan ng force. Napapalibutan tayo ng force, ng iba't ibang pwersa ng kalikasan, pwersang gawa ng tao, ang pwersa ng Diyos Espiritu Santo.

Ayon pa sa agham, ang pwersang lumilibot at kumikilos ng paikot ay may dalawang anyo:

1. *CENTRIPIETAL FORCE*
2. *CENTRIFUGAL FORCE*

CENTRIPIETAL FORCE. ANG PUERSANG KUMIKILOS PATUNGONG SENTRO, ANG PUERSANG PAPALOOB. Mula pa ng nakaraan taon, may nakalatag na tayong STRATEGIC PLAN tungo sa taon 2022. Ito ang Plano nating lahat. Kasali kayo. Kasama kayo, kasama tayo sa plano. Nasa ubod nito ang pagbuo sa **Letran bilang paaralang tanyag sa de kalidad ng edukasyon. A reputable school of quality education.** At gaganapin natin yan simula sa loob, simula sa kalooban ng Letran – sa mga programa at patakaran natin, sa mga proseso at patakbo, sa bawat taong bumubuo sa sambayanan ng Letran. Yaon ang tutok natin. Sa loob natin ibabaling ang tuon at pwersa ng pagbabago at pananariwa, ng pagsasaayos at pagpapahusay ng mga bagay at gawain.

Tulad sa mga unang alagad ni Kristo, papapasukin natin ang Espiritu Santo sa loob, hihinga tayo ng malalim, palalakasin natin ang ating mga sarili, patitibayin ang loob para buuhin ang Letran na ating pinapangarap, ang Letran na karapat-dapat para sa bukas.

Ikalawa, ang CENTRIFUGAL FORCE. ANG PUERSANG KUMIKILOS PAPALAYO MULA SA SENTRO, ANG PUERSANG PAPALABAS. Ang pagtutok natin sa sarili ay hindi nagtatapos sa sarili. Hindi makasarili. Hindi lang pansarili ang PLANO ng Letran. Hindi lang tayo papalakpak para sa ating sarili; hindi tayo mag-iingay mula sa mga mababaw at walang laman na dahilan. Ang Plano ng Letran ay magpahayag, maghandog at maglingkod. Magpapahayag tayo ng Mabuting Balita! Maghahandog tayo ng mga palatuntunang tumutugon, tumutulong at may katungkulan/pananagutan sa bayan. Maglilingkod tayo sa pagtuturo at pagkatuto ng mga Letranistang handang gumanap ng makabuluhang papel sa mundo.

Tulad sa mga unang alagad, bubuksan ng Espiritu Santo ang anumang nakapinid at nakasara. Pasingawin ang nakakulob, palalabasin ang nasa loob, para ibahagi hindi ang mabahong amoy, kundi ang halimuyak ng presensya ng Diyos. Ibig sabihin, ang anumang grasya na ating tatanggapin ay kikilalanin at ipapangalat natin na mula sa Diyos, nakalaan para sa paggawa ng kabutihan at kabanalan, ipagpapasalamat.

Alam ko, na hindi madali yan. Ang buhay-Kristiyano, ang buhay-Letranista ay humaharap sa maraming balakid, pagsubok, paghihirap. Maraming kamalian at kasalanan, mga kalapastanganan, mga pambabastos, mga pananakit. Tatanggapin natin ang mga ito nang tulad sa mga propeta, nang tulad sa propeta Elias sa Bundok ng Carmel, na kahit mag-isa ay magiting na nagpahayag sa tunay na Diyos laban sa 400 bulaang propeta ni Baal; tatanggapin natin ang mga ito nang tulad sa tunay na Kristiyano, na magpapasampal sa kanan at kaliwang pisngi at magpapapako sa krus; tatanggapin natin ang mga ito nang tulad sa tunay na KNIGHT, ang *caballero* ng sinaunang panahon – walang takot sa harap ng kalaban, lalong totoo hanggang kamatayan, tagapagtanggol ng inaapi, gumagawa ng kabutihan; tatanggapin natin ang mga ito ng tulad sa ating paaralang Letran na nabuhay at tumagal ng 400 taon!

Diyan natin mas kailangan ang puersa ng Diyos, ang presensya ng Espiritu Santo, sa mga pagkakataon na haharap tayo sa puersang sasalungat at kokontra, lalong lalo na sa taon ito, 2018-2019.

Dahil nasa atin ang Espiritu, hindi tayo panghihinaan ng loob, hindi tayo mawawalan ng pag-asa, hindi tayo susuko ng basta-basta, **AARRIBA LANG TAYO NG AARRIBA!** Iyan ang lakas natin, ang puersa natin, ang DUGONG ARRIBA, ang DIWANG ARRIBA!

Siempre Arriba! Siempre Letran!

Siempre Arriba! Siempre Letran!

Siempre Arriba! Siempre Letran!